

INTERNATIONAL NAPASA (June 11th, 2024)

1) PAINPORMASYON UKOL SA CONCERT SA YAWATAYAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa June 19 (Wednesday) ay magkakaroon ng free **CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. Ang Piano Concert at Clarinet ay mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali. At mula 6:00 ng hapon hanggang 8:00 ng gabi ay tatanghalin naman ang Jazz and Pop Music. Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok ang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

2) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG HULYO

7月から始まるスポーツ教室のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang **SPORTS LESSON** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay **YOGA, STRETCH EXERCISES, RELAXATION EXERCISES** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. Para sa iba pang mga katanungan ay maaaring tumawag sa **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)**, Telephone No. **0463-35-0102 (0463-35-0102)**. Ang huling araw ng pag-aapply ay sa June 14 (Friday). Maaari ring mag-apply sa home page ng nasabing foundation.

3) PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE SALON NG HIRATSUKA

国際交流サロンのお知らせ

Ang "**TANABATA FESTIVAL**" sa Hiratsuka City ngayong taon ay gaganapin sa July 5 (Friday) hanggang July 7 (Sunday). At mula July 7 ng 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon, ang International Exchange Association ng Hiratsuka City ay magbubukas ng "**INTERNATIONAL EXCHANGE SALON**" sa Hachimanyama no Yokan para sa mga turistang galing sa ibang bansa. Dito ay makaka-eksperyensa ng katutubong kultura ng hapon tulad ng paggawa ng Origami, Calligraphy, Aikido, Cat's Cradle at Japanese Chess (Shogi). At masisiyahan din sa pagpapaalrato gamit ang smart phone habang nakasuot ng Yukata. Ang pagdalo dito ay libre at hindi na rin kailangan ang pagpapareserba. Dadalo rin ang ilang mga boluntaryong interpreter sa wikang Ingles. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa "**INTERNATION EXCHANGE ASSOCIATION**" Executive Office ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520)**.

4) IMPORMASYON SA MGA PAGKONSULTA SA BATAS PARA SA MGA KABABAIHAN

じょせい ため ほうりつそうだんの しら
女性のための法律相談のお知らせ

Sa June 24 (Monday) ay isasagawa ang **“Pagkonsulta sa batas para sa mga kababaihan”** sa 7th Floor ng Hiratsuka City Office. Ang oras sa umaga ay **9:30** at **10:20** at **11:10** at at hapon ay **12:50**, **1:40**, **2:30** at 3:30. Ang pagkonsulta sa bawat oras ay tatagal ng **40** minuto. Sa mga taong gustong magpakonsulta ay itala ang ①Pangalan ②Telephone Number ③ Nais na oras ng pagkonsulta. At ipadala sa pamamagitan ng **FAX No. 0463-21-9756 (0463-21-9861)** sa **GENDER EQUALITY DIVISION** o tumawag sa Telephone No. **0463-21-9861 (0463-21-9861)**.